

Tore ng Babel

(Genesis 11:1-9)

Matapos ang great flood noong panahon ni Noah, nagsimula na muling dumami ang tao sa mundo.



Sa simula'y iisa ang wika at magkakapareho ang mga salitang ginagamit ng lahat ng tao sa daigdig. Sa kanilang paglalakbay patungong silangan, nakarating sila sa isang kapatagan sa Shinar at doon na nanirahan. Nagkaisa silang gumawa ng maraming bato at semento. Ang sabi nila, "Halikayo at magtayo tayo ng isang lunsod na may toreng abot sa langit upang maging tanyag tayo at huwag nang magkahiwa-hiwalay sa daigdig."

Nakita ng Diyos ang toreng itinatayo ng mga tao. Sinabi niya, "Ngayon ay nagkakaisa silang lahat at iisa ang kanilang wika. Pasimula pa lamang ito ng mga binabalak nilang gawin. Hindi magtatagal at gagawin nila ang anumang kanilang magustuhan. Ang mabuti'y bumaba tayo at guluhin ang kanilang wika upang hindi sila magkaintindihan."

At ganun nga ang nangyari. Hindi nagkaintindihan ang mga tao kaya't natigil ang pagtatayo ng tore at sila'y nagkahiwa-hiwalay sa buong daigdig. Babel ang itinawag nila sa lunsod na iyon, sapagkat doo'y ginulo ng Diyos ang wika ng mga tao. At mula roon, kumalat ang mga tao sa buong daigdig.

Ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat. Makikita natin ang naisin ng mga taga-Shinar na magmataas gamit ang kanilang kakayahan at talino. Pinakita nila ang kanilang gustong gawin upang sumikat at sariling paraan upang maabot ang Diyos. Tandaan na ang lahat ng kakayahan at talino na meron tayo ay mula sa Diyos. Ginagamit mo ba ang iyong talino at kakayahan para sumikat gaya ng mga taga-Shinar?

